



## 1 | Ipinakita ng Diyos ang pangangailangan sa pagtubos.

*Pagkatapos, sinabi niya, "Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac, at pumunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo at ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog."* **GENESIS 22:2**

Sinabihan ng Diyos si Abraham na ialay ang kanyang anak na si Isaac. Ipinakita nito ang pananampalataya ni Abraham at ang pangangailangan ng tao na matubos. Noong mga panahong iyon, ang sakripisyo ng panganay na anak ay kadalasang ginagawa sa iba't ibang diyos-diyosan. Subalit nanampalataya si Abraham na hindi ganoon ang kanyang Diyos. Sinabihan niya ang mga kalalakihang kasama nila na sila ay magbabalik, at sinabi niya kay Isaac na "ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog." Ipinakita rin ng pagsubok na ito na kailangan ng tao na matubos. Kung sa ating mga sarili lamang, hindi natin magagapi ang kasalanan o kamatayan. Kailangan natin ng tutubos sa atin at aako ng kaparusahan na para dapat sa atin. Ang kasalanan natin ay lubhang malaki na hindi natin mapapalaya ang ating mga sarili. May ipinagawa na ba sa iyo ang Diyos na hindi mo naunawaan? Kailan mo nakita ang pangangailangan mo sa Tagapagtubos?

---

---

## 2 | Nagkaloob ang Diyos upang matubos tayo.

*<sup>8</sup>Sumagot si Abraham, "Anak, ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog." At nagpatuloy sila sa paglalakad. . . . <sup>13</sup>Paglingon ni Abraham, may nakita siyang isang lalaking tupa na ang sungay ay nasabit sa mga sanga ng kahoy, at hindi na ito makaalis. Kaya kinuha ito ni Abraham at inihandog bilang handog na sinusunog kapalit ng kanyang anak. <sup>14</sup>Tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na "Naglalaan ang Panginoon." Ito ang pinagmulan ng kasabihang, "Sa bundok ng Panginoon may inilalaan siya." **GENESIS 22:8,13,14***

Ang Diyos sa Kanyang kapangyarihan at pagmamahal ay nagbigay ng tupa na maisasakripisyo. Pinarangalan Niya ang pananampalataya at pagsunod ni Abraham at pinigilan siyang ialay ang kanyang anak. Nagpadala din ang Diyos ng tupa na maisasakripisyo bilang kapalit at pantubos kay Isaac. Hindi nagtagal, ipinadala ng Diyos ang Kanyang kaisa-isang Anak na si Jesus, upang tubusin tayo at akuin ang ating kasalanan at kamatayan. Ano ang sinasabi sa Juan 1:29 at Pahayag 5:9 tungkol kay Jesus bilang ang Tupa ng Diyos? Paano nagbago ang buhay mo simula nang maunawaan mo ang dakilang palitang ito?

---

---

### APPLICATION

- Ang bawat tao ay makasalanan at nangangailangan ng Tagapagtubos. Nanampalataya ka na ba kay Jesus bilang iyong Manunubos at Tagapagligtas? Nais mo ba itong gawin ngayon?
- Ano ang maaari mong gawin sa ibang pamamaraan bilang tugon sa natutunan mo ngayon? Paano mo magagawang manampalataya kapag sinasabihan ka ng Diyos na gawin ang isang bagay na tila hindi makatuwiran?
- Hingin sa Diyos na ipaalala sa iyo ang dalawang tao na maaari mong ipanalangin upang maunawaan nila ang pangangailangan ng tao sa isang Manunubos at upang manampalataya sila sa Diyos.